**Unang Panahunang Pagsusulit sa Filipino IV**

Pangalan:________________________________ Petsa: :________________________

Baitang IV Paaralan: Calaccab Elem. School Iskor:__________________________

**I. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.**

1. Ano ang tawag sa bahagi ng pananalita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bahay, hayop, lugar at pangyayari? A. panghalip B. pangngalan C. pang-uri D. pang-abay
2. Ito ay ang bahagi ng pananalita na ipinanghahalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. A. panghalip B. pangngalan C. pang-uri D. pang-abay
3. Ano ang tawag sa magkakatunog na mga salita sa hulihan ng bawat taludtod ng tula? A. pantig B. pangngalan C. panghalip D. tugma
4. Masipag na mag-aaral si Gabriel. Lagi niyang ginagawa ang kanyang mga takdang-aralin. Ang may salungguhit na mga salita ay ____________.
A. panghalip B. pangngalan C. pang-uri D. pang-abay
5. Labis ang pighati ni Maria dahil sa pagkamatay ng alaga niyang pusa. Ano ang kasingkahulugan ng salitang nakakahon? A. kasiyahan B. kagalakan C. kalungkutan D. pangamba
6. Maraming mamamayan ang nagdarahop sa ating bansa. Ano ang kasalungat ng may bilog na salita? A. naghihirap B. mayaman C. dukha D. inaapi
7. Isang umaga ay naglakad-lakad si Princess sa parke kasama ang kanyang alagang matabang aso. Sa may salungguhit na mga salita, alin ang pangngalang pantangi?
A. Princess B. parke C. mataba D. aso
8. Tuwing Pasko lamang nakakasama ni Patricia ang kanyang ina na nagtatrabaho sa ibang bansa. Ang salitang may salungguhit ay pangngalan na nagsasaad ng ngalan ng ______________.
A. tao B. bagay C. hayop D. pangyayari
9. Tuwing Hulyo ay ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Nutrisyon. Ang "Buwan ng Nutrisyon" ay pangngalang ___. A. pantangi B. pahambing C. pambalana D. pasukdol
10. Si Dr. Jose Rizal ay tunay kong hinahangaan. Ang mga suusunod ay mga pangngalang pambalana para kay Dr. Jose Rizal maliban sa isa. Alin ito?
A. bayani B. pangulo C. doktor D. manunulat

**II. Basahin ang kwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong.**

**Ang Manok at Ang Uwak**

Noong araw, magkaibigang matalik ang manok at ang uwak. Madalas dumalaw ang uwak kay inahin at makipaglaro sa mga sisiw nito.

Isang araw, sa paglalaro nila, napansin ng manok na may magarang singsing ang ibon. “Uy, pahiram naman ng singsing mo. Ang ganda-ganda!” sabi niya sa uwak.

“Sige, iiwan ko muna ito sa iyo. Bukas ko na lang kukunin uli,” sagot ng uwak na mabilis na lumipad uli.

Naglalakad ang inahin at tuwang-tuwa na ipinakikita sa ibang hayop ang singsing niya nang lumapit ang isang tandang. “Bakit mo suot iyang di sa iyo? Iyang uwak ay hindi manok na tulad natin, kaya hindi ka dapat makipagkaibigan diyan. Itapon mo ang singsing!”

Sa kapipilit ng tandang, itinapon ng inahin ang singsing. Kinabukasan, napansin agad ng uwak na di niya suot ito. “Nasaan ang singsing ko?” tanong ng ibon.

“Ewan ko,” takot na sagot ng manok. “Naglalakad lang ako ay bigla na lang nawala sa mga kuko ko. Luwag kasi.”

Nahalata ng uwak na nagsisinungaling ang manok dahil nanginginig ito. “Alam ko, itinapon mo siguro dahil ayaw mo na sa akin. Hanapin mo iyon at ibigay mo uli sa akin. Hanggang hindi mo naisasauli ang singsing, kukuha ako ng makikita kong sisiw mo at ililipad ko sa malayo.”

Buhat na nga noon, tuluy-tuloy ang pagkutkot ng manok sa lupa para hanapin ang itinapong singsing. Pati ibang mga manok, sa pakikisama sa kanya, ay naghahanap din. Kapag may lumilipad na uwak sa itaas, mahigpit ang tawag ng inahin sa mga sisiw at tinatakluban agad ng mga pakpak dahil baka danggitin ng uwak.

11. Sino ang matalik namagkaibigan?

A. Inahin at Tandang B. Inahin at Sisiw C. Sisiw at Uwak D. Manok at Uwak

12. Ano ang hiniram ni Inahing Manok kay Uwak?

A. korona B. kuwintas C. singsing D. hikaw

13. Ano ang ginawa ni Inahing Manok sa singsing?

A. ipinahiram B. itinapon C. ipinagbili D. itinago

14. Bakit itinapon ni Inahing Manok ang singsing ni Uwak?

A. dahil galit siya kay uwak C. dahil pangit ang singsing
B. dahil sa kakapilit ni tandang D. dahil maluwag sa kanya ang singsing

15. Bakit daw hanggang ngayon ay walang tinggil sa pagkutkot salupa ang mga manok?

A. upang gumawa ng pangingitlugan
B. upang hanapin ang itinapong singsing
C. upang gumawa ng taguan kapag dumating ang uwak
D. upang tabunan ang mga sisiw kapag dumating ang uwak

**III. Sa sagutang papel, kopyahin ang talaan na makikita sa ibaba. Punan ang tsart ng mga wastong pangngalan na makikita sa maikling kwento.**

| PANGNGALAN | Tao | Bagay | Hayop | Lugar | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|---|
| Pantangi | 16. | 21. | 22. | | 25. |
| | 17. | | | | |
| | 18. | | | | |
| Pambalana | 19. | | 23. | 24. | |
| | 20. | | | | |

**Araw ng mga Puso** nang lumabas ng bahay si **Anthony** para pumunta sa **tindahan**. Habang naglalakad siya kasama ang kaniyang alagang **aso** ay nakasalubong niya si **Aling Nora** na hawak-hawak ang kanyang pusang si **Muning**. “Magandang umaga po, Aling Nora,” bati ni Anthony sa **matandang babae**. “Magandang umaga rin sa’yo. Parang nagmamadali kang pumunta kung saan?” tanong niya. “Pupunta po ako sa tindahan para bumili ng **Knorr Sinigang Mix** na gagamitin sa pagluto ng sinigang mamayang tanghali,” sagot ng **bata** na may ngiti. “Puntahan mo ako sa bahay kung may

mga kulang kayong lahok sa lulutuin ninyo, sabihin mo sa iyong **Nanay Linda**." "Opo!" Sabay na naghiwalay ang dalawa patungo sa kani-kanilang pupuntahan.

**IV. Punan ng wastong salita ang mga patlang sa tula. Piliin ang tamang sagot sa kahon sa gilid.**

Ang Aming Mag-anak

Ang aming 26.______________ ay laging masaya ,
Maligaya kami nina ate at 27. ______________.
Mahal kaming lahat ina ama't ina,
Mayroon ba kayong ganitong 28. ______________?

Kahit sa paggawa'y pagod ang 29. ______________,
Tulong ni 30. ______________ay laging nakaabang
Suluranin ni ate ay nalulunasan,
Sa tulong ni inang lagging nakalaan..

**pamilya**

**kuya**

**ama**

**katawan**

**mag-anak**

V. A. Sa sagutang papel, kopyahin ang talaan na makikita sa ibaba. Punan ang talaan ng mga panghalip panao na makikita sa maikling kwento. Pagkatapos ay tukuyin ang kailanan at panauhan ng mga ito.

Halaw mula sa kwentong **"Si Mario, Si Ana, At Ang Isda"**

Tuwang-tuwa ang mangingisdang si Mario nang may nabingwit siyang isang malaking isda. Nang ilalagay na **niya** ito sa buslo, bigla itong nagsalita, "Huwag!" Muntik nang mahulog sa bangka si Mario sa malabis na pagkagulat.

"Ibalik mo **ako** sa tubig at bibigyan kita ng kayamanan," sabi ng isda, na nagpipilwag.

Nang mahulasan si Mario, tinanong niya ang isda, "Ano ka ba, impakto?"

"Hindi, ako ay alagad ng mga sirena na naatasang magbantay dito sa malapit sa pampang. May kapangyarihan ako – mahika! Kaya ibalik mo lang ako sa tubig at ipagkakaloob ko sa **iyo** ang hihilingin mo."

Naalaala ni Mario ang dampang tinitirhan niya. Lagi itong inirereklamo ng asawa dahil sa kaliitan. "Nais ko ang malaking tirahan," sabi niya sa isda.

"Masusunod. Umuwi ka na at makikita mo ang iyong malaking tahanan," sabi ng isda na kaagad namang ibinalik ng lalaki sa tubig.

Hindi lang malaki ngunit tila palasyo ng hari sa gara ang nadatnan niya. "Sa palagay ko, hindi na ako aawayin ni Ana. Malaki na ang bahay **namin**."

| PANGHALIP | Kailanan (isahan, dalawahan, maramihan) | Panauhan (una, ikalawa, ikatlong panauhan) |
|---|---|---|
| | 31. | 35. |
| | 32. | 36. |
| | 33. | 37. |
| | 34. | 38. |

VI. Sagutin ang tanong.

39-40. Ano ang panghalip pananong na makikita sa kwento. Isulat ang maramihang anyo nito.

KEY TO CORRECTION FILIPINO 4

1. B
2. A
3. D
4. B
5. C
6. B
7. A
8. D
9. A
10. B
11. D
12. C
13. B
14. B
15. B
16. Anthony
17. Aling Nora
18. Bata
19. Nanay Linda
20. Matandang babae
21. Knorr Sinigang Mix
22. Muning
23. Aso
24. Tindahan
25. Araw ng mga Puso
26. Pamilya
27. Kuya
28. Mag-anak
29. Katawan
30. Ama
31. Niya-isahan
32. Ako-isahan
33. Iyo-isahan
34. Naming-isahan
35. Ikatlo
36. Una
37. Ikatlo
38. Una
39. Ano-ano
40. Ano-ano